# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 31, 2021, LUNES, IKA-01:00 NG HAPON, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME DATE 6-16-21 TIME

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | . . . . . | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | . . . . . | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 16 JUN 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 281-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 2 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY NG PATIMBAO, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 052-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 008-T2021 NA MAY HALAGANG P281,969.18 NA MAGMUMULA SA SK SURPLUS O NATIRA NANG TAONG 2020 UPANG ILIPAT AT ILAAN PARA SA OTHER SUPPLIES AND MATERIALS (P231,969.18); TELEPHONE EXPENSES (P20,000.00) AT INFORMATION AND COMMUNICATION TECH EQUIPMENT (P30,000.00) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Barangay ng Patimbao na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 052-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 008-T2021 na may halagang P281,969.18 mula sa SK Surplus o Natira noong Taong 2020 upang ilipat at ilaan para sa Other Supplies and Materials (P231,969.18); Telephone Expenses (P20,000.00) at Information and Communication Tech Equipment (P30,000.00) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahing pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Alan T. Pamatmat, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 2 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay ng Patimbao, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 052-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 008-T2021 na may halagang P281,969.18 na magmumula SK Surplus o Natira noong Taong 2020 upang ilipat at ilaan para sa Other Supplies and Materials (P231,969.18), Telephone Expenses (P20,000.00) at Information and Communication Tech Equipment (P30,000.00) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Kabataan at Sangguniang Barangay ng Patimbao at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 31, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan /Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
6/15/21